# Pagiging Kompidensiyal ng Impormasyon Tungkol sa Kostumer

San Francisco Water Power Sewer
Services of the San Francisco Public Utilities Commission

CleanPowerSF
*Same Service • Cleaner Energy*

ENERO 2016

## Abiso Tungkol sa Akses, Pagtitipon, Pagtatago, Pagkonsumo, at Pagsisiwalat ng Impormasyon Tungkol sa Paggamit ng Enerhiya.

Kailangang panatilihing kumpidensiyal ng CleanPowerSF, at ng mga empleyado, ahente, kontratista, at kasapi nito, ang mga pangalan, address ng serbisyo, address ng pagsingil, numero ng telepono, email address, numero ng account, at pagkonsumo sa koryente ng mga indibidwal na kostumer, maliban na lamang kung may makatuwirang pangangailangan sa negosyo ng CleanPowerSF, o upang magkaloob ng mga serbisyo sa kostumer kagaya ng itinatakda ng Komisyon sa mga Pampublikong Utilidad ng California (California Public Utilities Commission, CPUC). Kabilang sa mga halimbawa ng makatuwirang pangangailangan nang dahil sa negosyo ang pangangailangan sa gayong pagsisiwalat upang (a) sumunod sa batas, regulasyon, utos ng hukuman; (b) singilin ang hindi pa nababayarang mga bill; (lutasin ang mga hindi sinasang-ayunan ng kostumer o pagtatanong; (d) makipag-ugnayan tungkol sa pagtugon sa hinihingi, pagiging episyente sa enerhiya, pamamahala sa enerhiya, at mga programang pangkonserbasyon, o (e) sa kalagayan na may napipintong banta sa buhay o ari-arian,

Hindi dapat magsiwalat ang CleanPowerSF, anuman ang kondisyon nito, ng impormasyon tungkol sa kostumer para sa ikatlong-partidong pagbebenta sa telepono, e-mail, o direktang panghihingi ng pera sa pamamagitan ng koreo. Ang pangkalahatang datos kung saan hindi matutunton ang espesipikong kostumer ay puwedeng isiwalat para sa pagsusuri ng programa, pag-uulat, o pamamahala.

Tinitipon ang mga datos ng kostumer, kabilang na ang mga pangalan, address, at datos sa paggamit ng koryente ng indibidwal na kostumer, sa pamamagitan ng mga sistema ng metro ng PG&E. Puwedeng ibahagi ng CleanPowerSF ang mga datos ng kostumer sa mga kontratista at tagabenta para sa pagkakaloob ng mga serbisyo ng CleanPowerSF at/o mga programang naaprubahan na ng CPUC. Itinatakda sa mga kontratista at tagabenta na sumang-ayon na gagamitin lamang ang mga datos ng kostumer para sa layunin ng pagpapatakbo ng programa at upang protektahan ito nang naaayon sa mga pamantayang katulad ng sa CleanPowerSF. Itinatago lamang ng CleanPowerSF ang espesipikong impormasyon ng kostumer tungkol sa paggamit ng enerhiya at pagsingil hanggang sa makatuwirang pangangailangan, na pangkaraniwang hindi hihigit sa limang taon, maliban na lamang kung hinihingi ng batas o regulasyon.

Ang petsa ng pagpapatupad ng patakarang ito ay Enero 1, 2016. Ipagkakaloob ang abiso ukol sa patakarang ito taon-taon sa mga kostumer sa pamamagitan ng mensahe sa bill na naghahatid sa mga kostumer sa pinakabagong bersiyon ng website ng CleanPowerSF sa **www.CleanPowerSF.org.** Ihahatid ang anumang pagbabago sa patakarang ito sa pagitan ng mga panahon ng abiso sa pamamagitan ng website ng CleanPowerSF. Puwedeng hilingin ang mga naunang bersiyon ng patakarang ito sa pamamagitan ng email sa **CleanPowerSF@sfwater.org**.

Ang mga kostumer na may mga tanong o ikinababahala tungkol sa pagtitipon, pag-iimbak, paggamit, o pamamahagi ng impormasyon tungkol sa kostumer, o gustong tingnan, itanong, o tutulan ang anumang impormasyon na hawak ng CleanPowerSF, o limitahan ang pagtitipon, paggamit, o pagsisiwalat ng naturang impormasyon, ay puwedeng kontakin ang aming Opisina para sa Relasyon sa Publiko (Office of Public Relations) sa pamamagitan ng telepono sa (415) 554-3289 at hilingin ang kinatawan ng CleanPowerSF, sa pamamagitan ng email sa **CleanPowerSF@sfwater.org**, o sa pamamagitan ng koreo sa 525 Golden Gate Ave 7th Floor, San Francisco CA 94102.

Printed in October 2017